# "Kapag 'Ganda' ang Pinag-usapan: Isang Mungkahing Dulog sa Pagteteolohiya"

***Rebecca Cacho and Estela Padilla***

*"Beauty" can serve as an organizing-structure for the dialogue between art and theology. Interviews and focused group discussions reveal that Tagalog-speaking Filipinos use the word to describe their experiences of things, people, situations, and life. The multi-layered meanings of the word "beauty" arise from a sensitivity to what is good, just, whole, orderly, among many other meanings. This sensitivity to beauty can be applied in the theological discourse about human beings, God, and in particular, Jesus the Christ. The core reality of the human being is beauty. God, after whose image and likeness the human being is created, is Beauty. One with God in beauty, the human beings seeks what is beautiful - relationships, experiences, situations, life. Jesus is the incarnation of the good-heartedness of God, and at the same time, the epitome of a human being whose core is beauty and who sought to establish what is beautiful. Whatever is of beauty is felt and experienced because it has an impact in human life and human interiority. If employed as an approach for doing theology, a sensitivity to beauty gives rise to a theology which has power because it is rooted in people's lives and sheds meaning on their experiences. Instead of orthodoxy, and even orthopraxis, let the basis for doing Filipino theology be orthopathos – not mere feeling, but a sensitivity to beauty. The invitation to theologians is to let our experience of the good-heartedness of God, who is Beauty, be the fount of our reflection on our faith-life or our study of it.*

**Hapag 9, No. 1 (2012) 47-76**

Mula sa isang lumang tula, masasabing malawak at masalimuot ang kahulugan ng *ganda*: ito'y lugod at lason, pagbuo at pagguho, buti't lagim, hikbi't halakhak, paraiso't libingan![1] Hindi masasaklaw ng isang pag-aaral ang malalim na kahulugan nito! Ito ay panimulang pag-aaral lamang tungkol sa "ganda." Hindi nilalayon ng mga may akda na saklawin ang lahat ng masasabi tungkol dito. Marahil isa sa mga layunin ay pukawin ang ating pansin sa napakayaman at napakahalagang bahagi ng kaisipang Filipino na makapagbibigay liwanag sa pananampalatayang Kristiyano. Sa dulog at paraang kultural kumikiling ang akdang ito. Binibigyang diin ang pag-gamit ng yaman ng kultura upang makapaglahad ng teolohiyang may talab sa damdamin at isip ng mga Pilipinong Kristiyano. Ang *hermeneutics* na mapagpahalaga (*appreciation*) ay pagtuon sa "maganda," hindi pagtatuwa na mayroong "pangit" sa mundong ating ginagalawan.[2]

Ang pagbibigay pansin sa positibo ay di nangangahulugan ng pagbubulag-bulagan sa negatibo. Ang punto ng ganitong uri ng interpretasyon ay upang mapalitaw ang "maganda" na sa kadalasan ay nawawaglit sa pansin dala ng iba't ibang dahilan. Bakit nga ba, aming natatanong sa sarili, ngayon lang nabibigyan ng pansin ang kaisipan tungkol sa "maganda" sa pagteteolohiya, samantalang bahagi ito ng pang-araw-araw na buhay? Sang-ayon kami sa paniniwala ni Ruben Villote na nagsabi, "Hanapin mo ang maganda sa bawat tao, at ang pinakapangit ay makatutuklas ng maganda sa kanyang sarili, at unti-unting gagawa ng mga magagandang bagay. Hanapin mo ang pangit sa bawat tao, at ang pinakamaganda ay makatutuklas ng pangit sa kanyang sarili, at unti-unting gagawa ng mga pangit na bagay."

Batid namin na may kaakibat na yaman ang mito tungkol kay Malakas at Maganda. Sadyang kailangan ng anumang "maganda" ang "lakas" upang umiral ito. Di naman magiging kapaki-pakinabang ang "lakas" na di nabibigyan ng direksiyon ng "maganda." Nalinaw na ito ng teologong si José de Mesa sa kanyang paliwanag tungkol sa nangyari sa EDSA noong dekada otsenta. Subalit sa kanyang

1. Dionisio Salazar, *Kamanyang* (Maynila: Taniw, 1968).

2. Tingnan, José M. de Mesa, "With a Listening Heart", *In Solidarity with the Culture*. (Quezon City: MaryHill School of Theology, 1991): 25-42.

pagninilay sa tambalang Malakas-Maganda sa liwanag ng pananampalatayang Hudio-Kristiyano, nasa mabathalang kagandahan na ang natatanging lakas ipatupad ang kaginhawahan ng sangnilikha. Ang bukod-tanging kagandahang-loob ng Diyos ay may angking lakas at bisa. Sa ibang salita, ang kagandahang-loob ng Diyos mismo ang Kanyang lakas at kapangyarihan. Ito ang dahilan kung bakit namin binigyan ng kakaibang pansin at diin ang "maganda", bukod pa sa kamalayang Filipino na ang "maganda" ay may datíng at talab.

Kung gayun, ilalahad dito ang dalawang bagay – hanapin ang dalumat ng 'ganda' (Unang Bahagi) at mula sa pagdalumat na ito ay gamitin ito sa pagteteolohiya nang sa gayon ay magbi-bigay ito ng halimbawa ng kaigihan sa pag-gamit ng "ganda" bilang paraan ng interpretasyon ng ebanghelyo. (Ikalawang Bahagi).

## UNANG BAHAGI: ANG PAGDALUMAT

### A. Larangang Semantiko

Maraming paraan paano aaralin ang konsepto ng 'Ganda' sa ating kultura't kalinangan. Pinili ng papel na ito ang larangang semantiko - ang wika - bilang batis ng kultura. 'Ika nga ni Salazar, ang wika ang 'tagapagpahayag, impukan-kuhanan at daluyan' ng kultura.[3] Sa pag-aaral natin ng wika – o isang banghay (*domain*) ng wika, tulad ng 'ganda' – magkakaroon tayo ng susi sa pag-unawa sa ating kultura.[4] Sa paggamit ng larangang semantiko bilang susi ng kultura, makikita natin ang kultural o pangkalinangang pag-unawa sa konsepto ng 'ganda'.

Tinalatag ang 'Ganda' batay sa gamit nito sa wika. Bilang dagdag na karunungan,[5] nangalap din ng datos mula sa isahang panayam sa

3. Zeus Salazar, "Ukol sa Wika at Kulturang Pilipino," *Jornal ng Masaklaw na Edukasyon*, no. 23-24 (1972-73).

4. Tingnan ang pagpapaliwanag sa metodong ito ng pag-aaral ng wika sa Prospero Covar, "Kultura ng Wika," sa Jovy Peregrino at Ma.Althea Enriquez, pat., *Ang Filipino sa Iba't ibang Disiplina* (Lungsod Quezon: Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Unibersidad ng Pilipinas, 2005), 214-222.

5. Sa pag-aaral ng isang banghay (*domain*) ng wika, tulad ng 'ganda', dalawang metodo ang ginamit: ang malawa-kang pagtalatag batay sa balarila at kung paano ito ginagamit ng mga tao sa pang-araw-araw na buhay (sa pamamagitan ng pag-

iba't ibang tao[6] at isang *focused group discussion* (FGD) tungkol sa kahulugan ng 'Ganda'. Ito ang Unang Bahagi. Mula sa mga nakalap na datos dinalumat ang Ganda: ito ang Ikalawang Bahagi. Katulad ng anumang pag-aaral, hindi nito sinasaklaw ang malawak at malalim na kahulugan ng 'ganda', bagkus nililimita lamang nito ang pagpapakahulugan batay sa larangang semantiko.

Batay sa Talatag ng Kayarian, ang 'Ganda' ay mas ginagamit bilang pang-uri o maging pang-abay, naglalarawan ng bagay o kilos. Bilang katangian, masaklaw ang gamit ng 'ganda' – sa tao, sa bagay, sa kalikasan, sa ideya at pangyayari. Batay sa Talatag ng Gamit, mas marami ang patungkol sa Tao dahil maging ang mga Ideya at Pangyayari ay patungkol din sa Tao. Tungkol sa Tao, masasabing nilalarawan ng 'Ganda' ang Loob at Labas ng Tao, o ang Ganda ay dumadaloy mula Loob patungong Labas o mula Labas patungong Loob.

Malawak din ang saklaw ng katagang 'ganda' kung ibabatay naman sa ilang mga panayam na ginawa kung saan isa sa mga tanong ay ang kasingkahulugan at kabaligtaran ng 'maganda'. Ang mga kasingkahulugan ng ganda: maayos (21%) – kung isasama sa 'maayos' ang 'maaliwalas'/'maliwanag (2x nabanggit), 'kaaya-aya' at 'organized' (2x nabanggit), magiging 41% ng mga sagot; malinis (18%)[7]; at ang iba pang mga sagot ay 'mabuti', 'makatotohanan', '*tranquil/peace*' (2x nabanggit), '*inspiring*', 'nakakamangha', may 'pagkakaisa'; 'nakakapagpasaya','nakakapagbigay-buhay', 'nakakapagpabago'. Sa mga kasingkahulugang ito, masasabing ang 'ganda/kagandahan' ay may kinalaman sa 'Kalagayan' bago pa isiping ito ay tungkol sa 'Tao'.

Ang mga kabaligtaran ng maganda: magulo (20%) ng mga sagot – kung isasama ang marumi (3x nabanggit), di kaaya-aya, makalat, magiging 32% ng mga sagot; *stagnant* / walang pagbabago (2x

---

iinterview at *focused group discussion* (FGD). Tingnan kung paano ginamit ang metodong ito sa Estela Padilla, "Ang Mabathalang Pag-aaral sa Ministri ng Pamumuno bilang 'Punong Kadaupang-palad' sa Katawan ni Kristo at ang Teolohiya sa Ministri ni E. Schillebeeckx: Isang Pag-uusap" (Ph.D. dissertation, De La Salle University, 2006).

6. Sa pagtatanong dito, walang sinasabi kung ang 'ganda/maganda' ay patungkol sa tao. Tinanong lamang kung ano ang mga salitang kasingkahulugan at kabaligtaran ng 'ganda/maganda'.

7. Kung isasama ang 'malinis' sa 'maayos', ito ang magiging 59% ng mga sagot.

nabanggit); pangit, masama, sinungaling, hindi mapagkakatiwalaan, walang pagkakaunawaan; ang mga sumusunod na kataga ay tungkol sa kalagayan at hindi sa tao: malulungkot na kalagayan, walang pag-asa, paghihirap, injustice, walang saysay, may kapahamakan, sobrang kumplikado.

Sa mga panayam napansin namin na walang mahalagang kaibahan ang sagot ng isang *business executive* sa sagot ng labandera, ng isang De La Salle *student* o ng karpintero. Iba-iba man ang estado, kalagayan at pinanggalingan, magkakapareho ang pakahulugan sa karanasan ng ganda/kagandahan. Napansin din namin na kapag pinalalarawan ang Ganda, wala maski isa ang nag-umpisa sa pisikal na Ganda. Ang kanilang paglalarawan kapag tinanong ang kahulugan ng 'Ganda' ay tungkol sa magandang kalagayan o magandang (mabuting) tao.

Sa FGD naman, lumabas ang mga katagang sumusunod para sa kahulugan ng 'ganda': pinakamarami (60%) ang may kinalaman sa Datíng at Talab (tulad ng nakakahawa, nagbibigay-saya, kaaya-aya, nakakaakit, kahanga-hanga, kahali-halina, kahuhulugan ng loob, atbp.). Ang iba pa ay mga katagang: tunay, totoo, walang daya; galing sa loob, sinasaklaw ang loob at labas; may kinalaman sa buo, hindi bitin, hindi kulang; malinis, dalisay; simple; likas; may kinalaman sa pagtanaw – malapitan, malayuan; atbp.

Mula sa mayamang gamit at karanasan, handa na tayong magdalumat tungkol sa Ganda.

## B. Ganda: Datìng Na May Talab

Ang 'maganda' ay may kinalaman sa damdamin. Kapag sinabing 'maganda' o 'ang ganda' – para sa isang tao man, isang bagay, pangyayari o kalikasan – ibig sabihin ay may datìng ang 'magandang' iyon; may naramdaman ang nagsabi.

Kaya masasabi ng isang tao na 'maganda' dahil may datìng ito sa kanya; may sumasaling sa kanyang damdamin sa karanasan ng kagandahan. Ngunit hindi lamang datìng na mararamdaman sandali, ngunit datìng na may talab. May kaibahan ang 'datìng' at 'talab': ang 'datìng' ay agad-agad o *instant* at maaaring mawala din agad-agad. Ngunit ang 'talab' ay pumapasok sa damdamin at nagkakaroon ng bisa. Ibig sabihin ang gandang nakita sa labas ay may ginawa sa ating loob. Mangyayari lamang ito kung ang ganda ay totoo at walang daya. Palalimin natin ang ibig sabihin ng 'talab'.

### *1. Talab: Pakiramdam at Ugnayan*

Mula sa mga panayam, masasabing ang 'ganda' ay nararamdaman, may ginigising ito sa loob ng tao. Pansinin ang mga salitang ginamit sa FGD at panayam: yung may talab, nakakahawa, kaaya-aya, nakakaakit, kahanga-hanga, kagila-gilalas, kamangha-mangha, kahali-halina, nakakaadik, kahuhulugan ng loob, nakakapagpasaya, panatag ang kalooban, *peace*, nakakaakit, tagos, tinamaan, atbp., ay mga katagang nagpapahayag ng damdamin. Mahalaga para sa Pilipino ang damdamin dahil ito ang nagsasabi sa kanya kung ano ang 'totoo'. Ang totoo ay kung ano ang '*feel*' niya. Ang nararamdaman niya din ang nagpapakilos sa kanya. Kung hindi niya '*feel*', hindi siya kikilos.[8]

Nangangahulugan ito na ang karanasan ng kagandahan ay isang pakiramdam sa loob na malalim, na lumalabas sa karanasan at pakikisalamuha sa Ganda/Maganda. Dahil ito ay pakiramdam, nangangahulugan din ito na ang karanasan ng 'Ganda/Kagandahan' ay isang ugnayan. May mga bagay/tao na maganda para sa ilan ngunit wala namang datíng para sa iba. Bilang 'datíng' at 'talab' o 'datíng na may talab', ang karanasan ng Ganda ay isang ugnayan. Ang tao o bagay ay nakikipag-ugnayan sa atin kaya ito ay may datíng/talab na kaaya-aya at nahuhulog ang ating loob. Ang karanasang ito ng Ganda/Kagandahan ay hindi rin minsanan o sandalian, ang ugnayan ay humihingi ng panahon.[9]

Hindi lang may ugnayan ang isang maganda (bagay/tao/pangyayari) at ang nakatutunghay/nakararanas nito. Ang maganda rin para sa mga tao ay yaong 'magandang ugnayan'. Lutang o angat sa karanasan ng kagandahan ay ang 'ugnayan' ng mga tao. Mababasa sa panayam, kapag tinatanong na ang 'maganda', ang 'magandang tao', lalo na ang 'magandang lipunan', karamihan sa mga sagot ay tungkol sa magandang ugnayan: ang tunay na maganda ay ang

---

8. F. Landa Jocano, *Filipino Worldview* (Manila: Punlad Research House, 2001), 87-89, 105-106 at F.L.Jocano, *Filipino Value System* Series No. 4 (Manila: Punlad Research House, 1993), 14-23. Tingnan din si Enriquez sa V. Enriquez, *From Colonial to Liberation Psychology: The Philippine Experience* (Manila: De La Salle University Press, 1994), 63-66.

9. Tingnan si Enriquez sa kanyang pagpapalawig ng ugnayan at panahon – ang mga antas na dinadaanan upang lumalim ang ugnayan sa V. Enriquez, *From Colonial to Liberation,* 41-43.

magandang samahan. Ang magandang ugnayan ay nangangahulugan ng 'may pagkakaisa', 'may paggalang sa bawat isa', 'may kooperasyon', 'may pakialam sa bawat isa', atbp. Angat sa mga ugnayang ito ang ugnayan ng pamilya – ito ang tunay at inaasam na kagandahan. Anupa't pangunahin sa Pilipinong pagpapahalaga ang samahan, ang ugnayan, ang pakikipagkapwa. Ito ang taluktok ng 'maganda' para sa kanya.[10]

### *2. Talab:Puwang at Panahon*

Ang talab ay may kinalaman sa puwang at panahon. Tingnan muna natin ang 'puwang'. Ang puwang ay may kinalaman sa lapit at layo. Naririnig nating sinasabi 'maganda sa malayo, pero sa malapitan…' o di kaya 'akala ko hindi maganda, pero nung lapitan ko…' Maaaring sa unang banggit, pisikal ang pakahulugan nito. Ibig sabihin, mas nakikilatis ang tunay na ganda sa malapitan.

Ngunit maaari ring ang puwang na ito ay hindi lamang pisikal, maaari ring ito ay emosyonal, dahil may kinalaman ito sa ugnayan. Sinasabing ang isang katangian ng isang magandang/mabuting tao na may magandang/mabuting kalooban ay yaong madaling lapitan. Hindi antipatika ang datíng niya. Hindi siya umiiwas at hindi siya ilap sa mga tao (malayo). Bagkus ang taong 'madaling lapitan' ay isang metapora para sa isang taong bukas, nakikinig at handang tumulong.

Ngunit ang 'datíng na may talab' ay may kinalaman lalo na sa panahon. Ang datíng ay maaaring agad-agad. Pagkita mo pa lamang o pagkarinig mo pa lamang, naibubulalas mo na na 'Ang ganda!' – may datíng agad ang anumang maganda. Ngunit maaari ring lampas sa may datíng lang ang ganda.

Kapag sinabing may kinalaman sa panahon ang ganda, hindi rin maikakaila na minsan ang isang bagay/karanasan na di maganda (walang saysay, nasaktan tayo, hindi para sa atin), pagkaraan ng ilang panahon, ay napagtatanto nating maganda rin pala. May mga bagay/karanasan na natutuklasan lamang natin ang kanilang tunay na kagandahan pagkaraan ng mahaba-habang panahon.

---

10. Samahan ang isa sa, o pinakapangunahing pagpapahalagang Pilipino. Tingnan ang pagtalakay dito nina Enriquez sa *From Colonial*, 41-48; F.L.Jocano, *Filipino Values*, 8-14; S. Talisayon "Distinct Elements of Filipino Values: Cross National Comparisons," *Series on Filipino Spiritual Culture* No. 3. (Quezon City: Mamamathala, 1995).

Ang ganda ay datíng na may talab. Kapag sinabing 'maganda', tumatalab ito sa loob, hindi ito mababaw lamang; hindi ito daglian lang. May ginigising sa atin ang 'ganda'. Ang pagtalab ay nangangailangan ng panahon. Maaaring habang humahaba ang panahon ay lumalalim din ang talab ng isang tao/bagay/pangyayaring maganda.

### *3. Talab: Loob at Labas*

Tingnan natin ang katagang 'magandang kalooban' at 'nagmagandang-loob'.[11] Ang magandang kalooban sa isang banda ay masasabing panloob na katangian. Ngunit sa kabilang banda, masasabi lang na ang isang tao ay may magandang kalooban kung nakitaan siya ng 'pagmamagandang-loob' – ibig sabihin kung ang panloob na kagandahan ay nakita sa labas. Ang ganda ay nagmumula sa loob na nakikita sa labas. Nakita ang ganda ng loob ng isang tao sa ginawa niya – nakikitang labas. Sa 'nagmagandang-loob', lumabas at nagpakita ang loob. Sa katagang ito, makikita ang daloy ng ganda mula loob patungong labas. Mula sa mga panayam, sinasabi na ang maganda ay yaong 'ginagawa ng tao', yung 'maganda ang ugali', yung kanyang 'kagandahang-loob', 'maganda ang loob at hindi ang labas lang'.

Ngunit maaari rin namang mula labas patungong loob: tulad ng isang magandang kuwento o sine o sining – tinatablan tayo, tinatablan ang ating loob, kaya nasasabi nating 'ang ganda!' na kadalasang may kasamang buntong-hininga. Ang labas ay pumasok sa loob at may hinila mula rito.

Ngunit kung ang ginagawa ng isang tao ay hindi mula sa kanyang kagandahang-loob, bagkus pakitang-tao lang, ito ay palabas o panlabas lang. Hindi ito tunay na maganda. Ang maganda ay ang tunay at totoo, bukal sa kalooban at mula sa dalisay na loob.

---

11. Marami nang sinulat tungkol sa 'loob', tingnan ang pagbubuod ng ilang mga pag-aaral sa 'loob' kay Albert Alejo, *Tao Po! Tuloy! Isang Landas ng Pag-unawa sa Loob ng Tao* (Quezon City: Office of Research and Publications Ateneo de Manila Univ. Press, 1990), 11-44. Para naman sa 'kagandahang-loob', tingnan sina Miranda, *Buting Pinoy,* 175-189 at J. de Mesa, *In Solidarity with Culture* (Quezon City: Maryhill School of Theology, 1987), 47-54.

**BUOD:**

Kung ang 'ganda' ay datìng na may talab, masasabing ang 'ganda' ay katagang pang-ugnayan. Ang 'ganda' ay depende kung paano ito dumating (datìng) sa nakakita o nakaranas. Ang 'ganda' ay isang pandiwa, nangungusap at nakikipag-ugnayan. May binubuhay ito sa nakakakita o nakakaranas kaya siya tinatablan.

## C. Maayos, Mabuti, At Totoo: Batayang Etikal Ng Ganda

Ang 'ganda' ay may kinalaman sa pagtingin. Nakikita ang 'ganda'. Ngunit saan nakabatay ang pagtingin na ito? Ano o Sino ang masasabing 'maganda'? Ano ang batayan ng 'ganda'? Sino ang nagtakda ng batayang ito?

### *1. Historikal*

Masasabi marahil na ang kagandahan ay may kinalaman din sa panahon at kasaysayan.

Tingnan na lang ang konsepto ng pisikal na ganda at kagandahang-asal.

Sa pananaliksik ni Paular[12] tungkol sa mga sinaunang Pilipino, ang mga Pilipino bago dumating ang Kastila ay may lubos na pangangalaga sa katawan at may sistematikong paraan upang mapanatili nila ang kanilang mga katawan na malusog, maganda at masigla.[13] Natuklasan niya na ang mga *pre-Hispanic* Filipinos ay may kaalaman, kakayahan at karanasan sa pangangalaga ng kanilang katawan sa pamamagitan ng pamamahala at pagsasagawa ng mga *body rituals* na naglalayong protektahan, pagandahin at pasiglahin ang katawan.

12. Regino Paular, "Body Rituals of Pre-Hispanic Filipinos," Ph.D. Dissertation, University of the Philippines, 2001.

13. Tingnan ang paglalarawan ng Kastilang historiador na si Pigafetta sa unang Pilipinong nakita niya – ang datu ng isang bayan sa Butuan - na sinipi sa Ibid., p.43.

Pinagtibay ni Mojares[14] ang pagpapaganda at pangangalaga ng katawan ng sinaunang mga Pilipino at pinuna ang tawag ng mga historiador na Español sa mga ito na 'hubad'. Maaaring sa paningin nila ay hubad ang mga sinaunang Pilipino dahil wala silang damit, ngunit ang mga sinaunang Pilipino (lalaki't babae) naman ay balot ng iba't ibang alahas[15] at palamuti sa katawan. Gayung kinilala naman ng mga Español ang kagandahan ng sinaunang Pilipino, ani Mojares, hindi nila naunawaan ang motibo sa likod ng mga pagpapaganda at paglilinis ng katawan. Ayon kay Mojares, ang mga Bikolano, Bisaya, o Tagalog ay hindi tinuturing ang katawan bilang neutral o natural na bagay lamang. Bagkus, ang katawan ay espasyo kung saan ang kultura ng mga Pilipino ay nakaukit; ito'y kasangkapan ng sining, magic, kapangyarihan, at estado sa buhay. Ang pangangalaga at pagpapaganda dito ay punung-puno ng kahulugan.[16]

Para rin kay Mojares, hindi lamang konsepto ng ganda, kundi maging ang kagandahang-asal ay dinikta ng mga mananakop na Español. Lalong-lalo na sa mga katesismo, mula sa *caton, confessionario, ejercisios*, at sa *Doctrina Cristiana,* halimbawa, bukod sa buod ng mga doktrinang Kristyano at mahahalagang panalangin, naruruon ang mga

14. Resil Mojares, *House of Memory* (Pasig City: Anvil Publishing House, 1997), 17-21; makikita rin sa Fe Maria C. Arriola, *The Body Book* (Quezon City: GCF Books, 1993), 196-198.

15. Ayon kay Jocano, kasabay ng paggawa at paggamit ng *metal tools* ng mga sinaunang Pilipino (500 BC-1000 AD) ay ang paglilok ng iba't ibang *pendants, necklaces, bracelets* at *beads* na gawa sa *semiprecious stones (jade), shells, glass* at *metal ornaments* at may iba't ibang hugis at disenyo. Sa katunayan, ang mga *bracelets* ay mayroon na sa tinatawag na *Late Formative Phase* ng ating kasaysayan (50,000 - 500 BC). Tingnan sa F. Landa Jocano, *Philippine Prehistory: Rediscovering Precolonial Heritage* (Metro Manila: Punlad Research House, Inc., 2001), 123-125 at W.H. Scott, *Barangay: 16th century Philippine Culture and Society* (Manila: Ateneo de Manila Univ. Press, 1994), 17-34.

16. Para kay Mojares, sinakop din ng mga Español ang katawan ng mga Pilipino: pinaikli ang mga buhok, pinaputi ang mga ngipin, pinaliit ang mga taynga, pinatanggal ang mga tattoo, tinakpan ang 'kahubaran'. Ang katawan ay naging laman na makasalanan at kaaway ng banal na kaluluwang nakakulong sa loob nito. Makikita rin ang sentimientong ito sa sumusunod na akda nina A. Navarro at M. Jose na nagsasabi na ang dating makaugnay na seksualidad at spiritualidad ng mga sinaunang Pilipino ay pinaghiwalay ng mga mananakop na Español; tingnan sa Atoy Navarro at Mary Dorothy dL. Jose, "Katawan at Kaluluwa sa Kronikang Español: Pagtatalaban ng Sexualidad at Spiritualidad Noong Daantaon 16-18," *Daluyan* 12, bilang 1 (2004): 64-80.

gabay sa kagandahang-asal sa pamamagitan ng pang-araw-araw na pagsasabuhay ng Sampung Utos. Sa kalaunan, lumabas ang mga *manual de urbanidad* na nagsasabi kung paano dapat kumilos, magdamit, maglinis ng katawan, lumakad, tumayo, tumawa, tumingin, makipag-usap, atbp., ang mga sinakop. At ang lahat na ito ay upang hindi sila magkasala at maging mga sibilisadong tao.[17]

Kung may sukatan man ng kagandahan, isang batis ng pagdalumat dito ay ang mga pagandahan o *beauty contests*[18] na usung-uso sa lahat ng sulok ng bansa, at maging sa ibang bansa. Hindi lang kung anu-anong *beauty contests* tungkol sa tao (bukod sa pambansa, pangbayan at pangbaranggay na *beauty contests*, meron ding mga Miss Kindergarten, Miss Farmers' Plaza First Floor, Miss Excursion '99, atbp), marami ring *beauty contests* tungkol sa kapaligiran (Most Beautiful City, College, Department), hayop (contest ng pinakamagandang kalabaw, baboy, atbp.), gamit (float, puno, atbp.).[19]

### *2. Kultural*

Gayung masasabing naaapektuhan ng panahon (kasaysayan) at kalagayang-panlipunan (konteksto't kultura) ang konsepto ng 'ganda',

17. Resil Mojares, "Catechism of the Body," sa *Waiting for Maria Makiling: Essays in Philippine Cultural History* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2002), 171-197.

18. Sinasabing nag-umpisa sa Pilipinas ang *beauty contests* sa pagdaraos ng Carnival Queen nuong 1908, panahon ng pananakop ng mga Amerikano. Ang Carnival Queen ay bahagi ng Carnival Season, isang industrial, technological, at Olympic fare. Ang Carnival Queen ay hindi yaong mga nakikita natin sa karnabal (tulad ng mga babaeng nakikipagsayaw sa ahas o kumakain ng apoy). Bagkus ang mga nanalo ay miyembro ng high society at ina-appoint lamang. Isang popular na palabas sa telebisyon nuong '80s, Tatak Pilipino, na naglalayong magpakita ng iba't ibang mukha ng Pilipino ang nagtalakay ng kasaysayan ng *beauty contests* sa kanilang Episode 12 at Episode 71. May kopya ang Media Service Section ng University of the Philippines Main Library ng lahat ng episodes ng programang ito. Tingnan din ang Wendell Capili, *Mabuhay to Beauty! Profiles of Beauties and Essays on Pageants* (Quezon City: Milflores Publ. Inc., 2003). Sa kanya namang pagtalakay ng *beauty queens*, iniugnay ni Roces ang 'ganda' at 'kapangyarihan'; tingnan sa Mina Roces, *Women, Power and Kinship Politics: Female Power in Postcolonial Philippines* (Pasig City: Anvil, 2002), 161-188.

19. Maaari rin namang sabihing tanda ang mga ito hindi lamang ng 'pagandahan' kundi ng *competitive spirit* ng Pinoy, ang kahiligan niyang makipagtagisan maski

ang etikal nitong batayan ay kung ano ang 'maayos', 'mabuti', at 'totoo't walang daya'.

*2.1. Maayos*

Kung titingnan natin ang mga binanggit sa mga panayam, ang maganda ay yaong maayos. Gumamit din ng ibang mga salitang masasabing kasingkahulugan din ng 'maayos' tulad ng: kaayaya-aya, maaliwas, *organized*, malinis; at ang kabaligtaran ng 'maganda' ay masasabi ring kabaligtaran ng 'maayos': 'magulo', 'marumi', 'makalat', 'di kaaya-aya'. Ang 'kaayusan' ay mahalaga sa mga Pilipino:[20] ginagamit ito tungkol sa samahan ("ayos naman ang samahan namin dito"; "Hindi kami ayos"). Ginagamit din ito tungkol sa kalagayan. Kapag kinukumusta natin ang kalagayan ng isang tao, sinasabi nila: "ayos naman kami dito." 'Ayos'/'maayos' ang ekspresyon ng mga Pilipino tungkol sa maganda at hinahangad na kalagayan. Masasabi marahil na ang kalagayang 'ayos' ay yaong hindi magulo, yaong sapat sa pangangailangan ang lahat ng tao, yaong ang samahan ay nagkakaisa at nagtutulungan; kung saan may kapayapaan.

Sa pisikal na kahulugan, ang maayos ay kung ang bawat bagay ay nasa lugar, kaaya-aya at maaliwalas ang paligid. Ganun din sa buhay, kung ang lahat ay nasa lugar – ang samahan ng mag-asawa, sa pamilya, sa pamayanan; may hanapbuhay at sapat sa pangangailangan; may kapayapaan at kaunlaran sa bayan – maayos ang buhay.

*2.2. Mabuti*

Masasabi ring ang 'maayos' ay ang 'mabuti'. Ang buti ay hindi lamang pisikal o emosyonal na pagkakaayos, bagkus ang kaayusang ito, ang karanasang ito ng kagandahan, ay nagdudulot ng Buti. Ang Buti/Kabutihan ay masasabing isa, bagkus pangunahing pagpapahalaga para sa mga Pilipino.[21]

---

saang larangan. Mula dito marahil mauunawaan din ang kanyang pakikipagsapalaran sa lahat din ng larangan sa buhay (pagtatrabaho sa abroad, sugal, atbp).

20. Miranda, *Buting Pinoy* (Manila: Logos Publ., 1992), 118; 122. konektado ito sa halaga ng 'katahimikan', 146; tingnan din ang mga kaugnay na pagpapahalaga sa 145-158.

21. Miranda, *Buting Pinoy,* 159-174. Tingnan din si Mercado sa kanyang pagtalakay sa 'ganda' na nakaugnay sa 'sarap' sa Leonardo Mercado, *Applied Filipino Philosophy* (Tacloban City: Divine Word Publications, 1997). Tingnan ang Chapter 1 tungkol sa Aesthetics, lalo na ang mga pahina 5-14. Tingnan din ang sinulat ni

Kung titingnan ang mga binanggit sa Panayam, masasabing ang Maganda ay yaong nagdudulot ng Mabuti sa mga tao – yung "makabubuti sa tao; sa iyo, sa iyong pamilya, sa iyong mga mahal sa buhay," yung "nagdadala ng pagbabago, pag-asa," yung "nagpapaangat sa kasalukuyang kalagayan."

Pagdating sa 'tao', ang taong mabuti ay yaong may 'mabuting-loob' o iyong may 'magandang kalooban'. Gayung ang 'buti' at 'ganda' ay kadalasang pinagpapalit, may kaibahan pa rin ang dalawang kataga. May mga taong mabuti ang kalooban ngunit mahirap lapitan. Ang taong may magandang kalooban ay madaling lapitan (ganda bilang talab ay may kinalaman sa puwang). Gayundin, hindi natin sinasabing 'mabuting umaga/hapon/gabi' bagkus sinasabi nating 'magandang umaga/hapon/gabi'. 'Maganda' ang sukdulang kanais-nais na kalagayan / tao / pangyayari. Ang mabuting tao ay yaong may kagandahang-asal. Ang kagandahang-asal[22] ang nagpapatao sa kanya, dahil kung hindi mabuti ang asal ng isang tao, tinatawag itong 'asal-hayop'. Hindi siya tao.

*2.3 Totoo at Walang Daya*

Ang gandang may talab ay yaong totoo, tunay at walang daya.[23] Sa pisikal na paraan, kapag may nakitang maganda, ang tinatanong ay "Totoo ba yan o pinadagdag lang?" Dahil sa usung-uso ang pagpapaganda, ang pagpapadagdag sa iba't ibang bahagi ng katawan sa pamamagitan ng *plastic / reconstructive surgery*, gayun din ng mga *bustlift, noselift, liposuction*, etc. ay nagdala tuloy ng duda sa kagandahan.

---

Jocano tungkol sa 'ganda' kaugnay ng 'buti' sa F. L. Jocano, *Filipino Worldview: Ethnography of Local Knowledge* (Manila: Punlad Research House, 2001), 135-144.

22. Tingnan si Jocano sa diskusyon ng 'asal' sa F. L. Jocano, *Filipino Value System* (Manila: Punlad Research House, 1993), 85-95 at *Towards Developing a Filipino Corporate Culture: Uses of Filipino Traditional Structures and Value in Modern Management* (Manila: Punlad Research House, 1999), 114-125.

23. Ang 'totoo' para sa Pilipino ay yaong pinatutunayan. Tingnan sa Serafin Talisayon, 'Patotoo: Concept of Validity among Some Filipino Spiritual Groups," sa T. Obusan, pat., *Pamamaraan: Indigenous Knowledge and Evolving Research Paradigms* (QC: Asian Center UP, 1994), 124-143. Tingnan si Mercado sa kanyang pag-uugnay ng 'ganda', 'katotohanan' at 'kabutihan' sa Leonardo Mercado, *The Filipino Mind* (Washington: the Council for Research in Values and Philosophy, 1994), 88-89. Tungkol sa 'daya', tingnan sa Jose de Mesa, "*Pandaraya* as 'Sin': A Contextual Interpretation," sa *Hapag* Vol. 3 Nos. 1-2 (2006), 117-167.

Ang dudang ito ay dala lamang ng makabagong panahon. Pag nakakita ka ngayon ng coca-cola *bottle* na katawan, iisipin mo pinadagdag siguro ang dibdib o balakang. Hindi lang pisikal ang madayang ganda. Marami ring mga bagay o karanasan na sa unang bugso o dating ay maganda (isang magandang proyekto ng gobyerno, isang bagong kaibigan, isang ideya sa opisina) ngunit kalaunan (ganda bilang datíng na may talab ay may kinalaman sa panahon) hindi pala ito tunay na maganda. Maaaring ang isang animo'y magandang bagay ay para lamang pala sa makasarili o masamang hangarin. Ang maganda ay totoo at walang daya; nagmumula sa tapat na hangarin at kalooban.

Sinasabi rin nating porma lang o pogi *points*, malapit sa pakitang-tao sa itaas, ang gandang hindi mula sa dalisay na hangarin ng isang tao. Maaaring ginagawa lamang niya ang isang bagay para sa isang personal na agenda. May daya ang ganitong intensyon at hindi masasabing maganda – puro porma o pogi *points* lang. Mukhang panlabas at mababaw lamang ang mga katagang 'pogi' at 'porma'. (Kapansin-pansin na patungkol sa lalaki ang mga gawaing may daya – 'porma', 'pogi'). Mapapansin din siguro ang lalaking pogi ay hindi kapareho ng magandang lalaki. Ang magandang lalaki kaya ay mas malapit ang katangian sa magandang babae – maganda ang tikas, maamo ang mukha, banayad hindi mayabang o maingay, maayos at hindi *flamboyant* ang pananamit?

Sa mga panayam at FGD, binanggit na ang maganda – lalo na sa tanong na: "Paano mo masasabing maganda ang isang bagay na di mo nakikita tulad ng isang ideya?"- ay: yung 'totoo', yung 'nagma-*materialize*', yung 'may *fulfilment*', '*fulfilling*', yung 'makatotohanan', yung 'galing sa taong totoo ang sinasabi'.

**BUOD:**

Gayung masasabi na iniimpluwensiyahan ng lipunan – kalagayang sosyal, kultural man o pulitikal – hindi rin masasabing kinukulong nito ang karanasan ng ganda o kung paano ito mararanasan ng isang tao. Kung ang ganda ay datíng na may talab, may kalayaan ito at may sariling kapangyarihan. Gayundin ang tumatambad o nakakasalamuha ng 'maganda': gayung produkto siya ng kanyang kalagayang panlipunan – sosyal, kultural at pulitikal – dahil ang 'ganda' ay 'datíng na may talab', may kalayaan din siyang nakikipag-ugnayan sa anumang

'maganda'. Dahil ito ay nakikipag-ugnayan at may pinangyayari sa ating buhay, masasabing ang 'ganda' ay isang pandiwa; hindi lamang ito pangalan o pang-uri. Ang 'ganda' ay isang karanasan.

Gayung iba-iba, malaya at personal ang karanasan ng Ganda/ Kagandahan, masasabing kung ano ang Maayos, Mabuti, Totoo at Walang Daya – yuon ang batayang etikal ng Ganda para sa mga nakakaranas nito. Hindi maganda ang nakakasira, marumi, magulo, nakapagpapahirap sa tao. Ganda ang isang salitang nagbubuod ng kaginhawaan at pangarap sa buhay ng tao.

## D. Ganda: Ubod Ng Pagkatao At PagkaDiyos

Sa dulo, masasabing ang 'ganda' ay may kinalaman sa ubod ng sarili, hindi lamang para sa tao kundi para sa lahat ng nilalang. Kagandahan ang nasa ubod ng sangnilikha, taglay niya bilang nilalang na kawangis ng Diyos na ubod ng kagandahan!

### *1. Pag-uwi sa Ubod ng Sarili*

Maaari sigurong sabihing Ganda ang ubod ng sarili ng tao. Ang kanyang nais ay ang maganda: magandang hitsura, magandang buhay, magandang trabaho, magandang pamilya, magandang samahan, magandang kinabukasan, atbp. Kapag nakakaisip, nakakakita o nakararanas siya ng maganda, nasisiyahan siya. Kapag hindi maganda ay hindi tayo matahimik, hindi tayo payapa: pagsusumikapan nating itaguyod ang maganda (magandang kalooban, magandang samahan, magandang buhay).

Kung ganuon, masasabi natin na ang maganda ang ubod ng ating sarili. At tuwing nakakakita, nakakaranas, nabubuhay tayo nang maganda, parang nakakauwi tayo sa ating tunay na loob. Parang nakakauwi tayo sa ating tahanan dahil nagkakaroon tayo ng kapayapaan at *fulfillment* kapag naabot at naitaguyod na natin ang maganda (samahan, buhay, pangarap, atbp.). Animo'y 'ganda' ang puno't dulo ng ating buhay!

### *2. Pananahan sa Puso ng Diyos*

Ang kagandahang ito marahil ang nilikha ng Diyos sa puso ng bawat tao. Hindi nga ba kagandahang-loob ang karanasan natin sa Diyos? Siya ay puspos at di nauubos na kagandahang-loob para sa

tao. Siya ay kagandahang walang maliw. Dahil kawangis tayo ng Diyos na Kagan-dahan, ginawa niya rin ang kagandahan na ubod ng ating pagkatao, ng lahat ng tao. Ito rin ang makikita sa bawat Niyang nilalang, lalo na sa kalikasang ubod ng kagandahan!

Sa paniniwalang ito maaari tayong dumaloy sa pangungusap sa Diyos o pagteteolohiya.

## Ikalawang Bahagi: Pagteteolohiya

Mula sa dalumat ng 'ganda', nakita natin kung gaano ito nasa puso at ubod ng ating pagkatao bilang Pilipino at bilang mananampalataya rin. Kung gayon, mahalaga ang dalumat na ito sa pag-unawa at pagpapahayag ng ating pananampalataya o ang tinatawag nating pagteteolohiya. Ano ang implikasyon kung gagamitin ang dalumat ng 'ganda' sa pangungusap tungkol sa Diyos (pagteteolohiya)?

### *Mga implikasyon para sa pagteteolohiya nating mga Pilipino*

Una, di mapapasubalian na lubhang napakahalaga para sa ating mga Pilipino ang ating *mga karanasang nadarama*. Kung ano ang nadarama ay iyon ang 'totoo'. Kapag 'hindi ko *feel*' ay para ring walang saysay ang isang bagay. Ang nadarama rin ang siyang may buhay. Kapag matagal nang tahimik o *inactive* ang isang tao, sinasabi nating 'magparamdam' ka naman (kung nariyan ka o kung buhay ka pa!). Ang karanasang nadarama para sa atin ay ang "may datíng" o "may talab" sa ating mga damdamin. Ganito rin natin nararanasan ang Diyos – nadarama natin ang kanyang pananahan, pananatili at paggagabay sa ating buhay. Ang suliranin na tinatawag na *sekularisasyon* sa Kanluran, kung saan magkahiwalay at kung minsa'y magkatunggali ang pananampalataya sa ordinaryong kalagayan sa buhay, ay hindi maigting sa nakararaming Pilipino. Ang pananahan ng Diyos ay nadarama sa lansangan at sa simbahan sapagka't kapwa ito bahagi ng karanasang nadarama.

Kaugnay nito ay ang halaga na binibigay ng Pamana ng Pananampalataya sa pagdama ng Diyos sa kalagayan ng Kanyang mga nilalang. Ito ang Diyos na may damdamin at nakadarama. Siya

ang Diyos na di matiis ang hirap at dusa ng Kanyang bayan sa Egipto at Siya rin, sa katauhan ni Hesus, ang nababagabag sa kalagayan ng Herusalem na kanyang minamasdan.

Ang *karanasang nadarama* ay isang **maganda**ng karanasan para sa atin dahil ito ay may datíng at may talab, dahil ito ay totoo at tapat na pinagdaanan at kinasangkutan natin, dahil ang anumang maganda'y malalim ang pasok sa loob at may bisa sa pagbabago. Kung gagamitin natin ang salitang teolohiko, ang maganda ay siyang nagdudulot ng tunay na kaginhawahan sa buhay (Mt. 11:28-30).

Pinaaalala din ng ating Tradisyon ng Pananampalataya sa aklat ng Henesis (1:31) na ang sansinukob na nilikha ng Diyos ay "maganda" (Hebreo, *tôb*) at ang sangkatauhan ay "magandang-maganda". Upang mas maunawaan natin ang tunay na nilalaman ng salitang Hebreo na *tôb*, kailangang isaalang-alang natin na kinakailangang isalin ang kahulugan nito ng dalawang salitang Griyego: *kalos*, ang maganda, at *agathos*, ang mabuti.[24] Pansinin din natin na sa pagsalin ng uri ng kabutihan na ipinamalas at ipinadama ni Hesus sa madla (Gawa 10:38), siya'y binansagan bilang Pastol na "*kalos,*" may magandang kalooban. Hindi sapat na ituring siyang Mabuting Pastol, kundi ang Pastol na maganda ang kalooban (Juan 10:11).

Dahil ang magandang nadarama ang una at ang pinaka-mahalagang bagay na pinagkaka-abalahan, hindi taliwas bagkus akma, na imungkahi na ***paraang estetika*** ang dapat bigyan ng pangunahing pansin sa pagteteolohiya nating mga Pilipino. Ang paraang ito ay ang pagbibigay prioridad sa anumang maganda sa iba't ibang larangan ng buhay, ang pagpapatalas ng pakiramdam sa maganda, at ang paggalugad sa maganda sa daigdig ng mga karanasan na puno din ng kapangitan at ang pananalig na sa kahuli-hulihan, ang maganda ang siyang mamamayani sa mundo. At dahil ang "maganda" ay yung may talab na positibo sa buhay, ang *nadaramang kagandahan* ang siyang tatayong pinakabatayan at pamantayan ng mabisang teolohiya.

Ayon sa teologong Jose de Mesa,[25] kung ang pinakabatayan ng teolohiyang tapat sa Pamana ng Pananampalataya (Tradisyon) para sa natatanging teolohiya ay "tamang doktrina" (*orthodoxia*) para sa

---

24. "Good & Evil," sa Xavier Leon-Dufour, pat., *Dictionary of Biblical Theology* 2nd ed., (Pasay City: Daughters of St. Paul, 1982), 213.

25. Lecture sa Sta. Scholastica's College, __________, mula sa grupong SAMAPA (Samahan sa Mabathalang Pag-aaral) tungkol sa 'Ganda'.

Scholastisismo at Bagong Scholastisismo, "tamang asal o kilos at pag-unawa" (*orthopraxis*) naman para sa mga teolohiya ng *liberación*, masasabi marahil na para sa ating mga Pilipino ang tumatayong batayan at sukatan ng pagkawasto ng Mabathalang Pag-aaral (pagteteolohiya) ay "magandang pagdama" na maaring ipaliwanag sa pamamagitan ng Griyegong *ortho-pathos* (tamang pagdama). *Pathos* ang salitang ugat ng mga katagang Ingles na *sympathy* (kahalintulad sa nadarama) at *empathy* (kaisa sa nadarama). Subalit, ayon kay de Mesa, tila hindi husto ang pagbanggit ng "tamang pagdama" dahil ang "tama" ay maaring malamig tulad ng payak na kabutihan. Kulang ng damdamin ang basta't pagkatama. Sa kabuuan ng ating pagkatao, lubhang mahalaga at hindi maaring balewalain ang mga damdamin.

Para kay de Mesa, tulad ng kahulugan ng "ganda," kailangan kasama di lamang ang kabutihan (ang tama), kundi ang pagiging kaakit-akit ng kabutihan (ang ganda) kaya mas maiging ipahayag ang batayan at pamantayan ng Mabathalang Pag-aaral bilang "magandang pagdama." Isang maaring pananaw na maihahambing sa "magandang pagdama" ay ang pag-unawa sa di lamang mahigpit na ugnayan ng tamang kaisipan (*the true*), tamang asal (*the good*), at tamang ganda (*the beautiful*) sa isa't isa, kundi ang kanilang pagkakaisa.

Ang "magandang pagdama," pagpapalawak ni de Mesa, ay maituturing na kabuuan ng tamang pagkatao (*dikaiosyne*). Saklaw nito ang wastong pag-iisip na naka-ugnay sa *orthodoxia* at ang wastong asal na kalakip ang wastong pag-iisip sa *orthopraxis*. Binanggit natin sa pagsuri ng *dama* na ito'y magkaakibat na pagdamdam at pag-iisip. Lumitaw din sa ating pagsusuri ng *ganda* na ito'y magkalakip na kabutihan at pagkahalina. Kaya't sinasaklaw ng "pagdama" ang isip, asal at damdamin at ng "magandang pagdama" ang tamang isip, tamang asal at tamang pagdama.

Pagdidiin ni de Mesa, di tumpak na sabihing estetika ang dulog at paraan ng Mabathalang Pag-aaral sapagkat, ayon sa ating natuklasan sa konseptong "ganda," di naman magkahiwalay ang pagtuon sa kabutihan (etika) at sa kagandahan (estetika) tulad ng sa Kanluran. Bukod pa rito, napag-alaman din natin na ang "dama" ay ang magkaakibat na pag-iisip at pagdamdam. Subalit sa banyagang pananaw ng Kanluran at kung isasalin natin ang ating pinag-uusapan dito, marahil estetika nga ang pinakamalapit na larangan na katumbas ng "magandang pagdama."

Ang isa pang mahalagang implikasyon: kung pagtalakay sa kagandahan ang unang pagtutuunan ng pansin at, sa pangkalahatan, pagkakaabalahan ng Mabathalang Pag-aaral o teolohiya ng Pilipino, nararapat lamang na palitawin sa pagteteolohiya ang pagpapadama ng Diyos ng Kanyang kagandahang-loob sa ugnayang Diyos at tao, sa paglikha ng sanlibutan, sa pangangatawan ng Diyos sa katauhan ni Hesus, sa pagbuo ng samahan ng mananampalataya, at sa pagtuklas ng saysay ng buhay ayon sa panukala ng Diyos.

Mula sa mga implikasyong ito sa pagteteolohiya, makabubuting magbigay ng halimbawa ng pangungusap tungkol sa Diyos batay sa dalumat sa ganda. Isang halimbawa:

## Soteriolohiya: Tungo sa Kaganapan ng Magandang Buhay

### *1. Kapos sa Ganda*

Bawat hangarin at pagsisikap ay nakatuon sa kaganapan ng magandang buhay. Kung hindi man ngayon ay umaasa ang tao na sa darating na panahon ay gaganda rin ang buhay. Kung ano ang hangarin ng tao, gayundin naman ang ninanais ng Diyos. Ngunit ano nga ba ang kalagayan ng marami sa ating mga kababayan? Maganda ba ang buhay na ating nararanasan?

Batid natin ang malawakang paghihirap ng marami sa ating mga kababayan. Madalas ay saksi tayo sa pangit na kalagayang kanilang binabata o tinitiis. Sa kabila ng ating pagpupunyagi, nakakalungkot isipin na mailap pa rin ang magandang buhay na pinapangarap. Ayaw natin makakita ng mga taong lugmok sa kahirapan. Nagagalit tayo sa kawalan ng katarungan sa lipunan. Naiinis tayo sa kawalan ng malasakit ng mga tao para sa kanilang kapwa. Nagsasawa na tayong makinig sa mga pangakong napapako ng mga may katungkulan sa gobyerno. Kapag ganito ang mga nakikita natin sa lipunan, alam natin na kabaliktaran ito ng magandang buhay na inaasam.

Kapos sa ganda ang kalagayan ng mga tao. Hindi nila makita ang kaayusan, kasaganaan, pagkakaisa, o ginhawang nararapat. Bakit nga ba maraming pangit na nangyayari sa ating buhay?

Para sa iba ito ay sanhi ng mga palpak na sistema sa lipunan. Meron ding mga balangkas na di makatao ngunit patuloy na umiiral

sa mga pamayanan. May mga maling pamamalakad ang gobyerno o di maayos na paglilingkod ng mga nasa katungkulan. Maari ding dahil sa hindi magandang ugali ng mga tao tulad ng kasakiman, o pagka-makasarili, katamaran, pandaraya, malamig na samahan, kawalan ng pagkakaisa at malasakit sa kapwa.

Taliwas ito sa tunay na hangarin ng Diyos para sa tao. Hangad ng Diyos ang ating kaginhawahan. Pinagkalooban niya tayo ng buhay upang masaksihan at madama natin ang kagandahan nito (Awit 8). Labag sa kanyang kalooban na makita tayong naghihirap o nagiging biktima ng pangit na situwasyon sa buhay (Isa. 59: 16-17). Sa Bibliya mababasa natin kung paano siya nagalit sa mga pinunong nagpahirap sa mga tao (Ezekiel 34: 1-10). Ipinahayag niya ang kanyang saloobin sa mga pangit na nangyayari sa kanyang mga anak (Amos 4: 1-3). Hindi niya binale-wala ang mga hinaing ng mga taong sa kanya lamang humuhugot ng pag-asa (Awit 86: 1-10).

Kung gayon, ang buhay na kapos sa ganda ay kabaliktaran ng ninanais ng Diyos para sa tao. Hindi nga ba't pinahayag niya sa pamamagitan ni Hesus ang hangarin niya na maipagkaloob sa atin ang kaganapan ng buhay na buo at puspos ng galak (Jn. 15:11)?

### *2. Pangarap na Ganda*

Sa gitna ng mga pangit na pangyayaring nasasaksihan at pinagdaraanan araw araw, umaasa tayo ng mas magandang buhay sa hinaharap. Nangangarap tayo na ang mga hirap na ating pinagdaraanan ay mapapalitan ng ginhawang tunay na magpapaganda ng ating buhay.

Sa paunang pananalita ng PCP II inilahad ang minimithing ganda ng buhay ng Kristiyanong Pilipino:

> *kung saan ang pagiging kasapi ay isang hamon ng pagbubuklod tungo sa kaunlaran ng bayan at ang pamumuno ay isang panawagan tungo sa bukas-palad na paglilingkod sa kapwa.*
> *Dapat tayong maging isang pamayanang nagkakasundo, nagkakaisa sa kabila ng pagkakaiba at may magandang ugnayan sa sang-kinapal at sa ating Maykapal.*[26]

Maituturing na maganda ang buhay kung ang lahat ng biyayang

26. Isinalin ito ni Rebecca Cacho batay sa English na bersiyon ng PCP II.

inaasam ay magkakaroon ng katuparan. Sa pamamagitan ni Propeta Isaias (49: 8-10) ipinangako ng Diyos ang kanyang pagpapala. Dadaloy mula sa kagandahang-loob ng Diyos ang kasaganaan, liwanag, at pagmamahal na bubuo sa mga watak na samahan. Siya ang nangakong magiging sandigan ng lahat upang hindi masadlak sa hirap o maligaw ng landas. Tunay ang Kanyang kagandahang- loob at laging maaasahan (Awit 33:4-5) sapagkat ito ay nagdudulot ng ginhawa at kagalakan. Kapag namayani ito sa mga tao, mapapabuti ang kanilang kalagayan at ang maayos na buhay na inaasam ay matutupad.[27]

### *3. Kaloob na Ganda*

Ang buhay ay biyayang kaloob ng Diyos. Bukod sa buhay na ipinagkaloob niya, binigyan din tayo ng lahat ng ating kailangan upang malasap natin ang kanyang pagpapala (Awit 8). Nilikha tayong kawangis ng Diyos (Gen. 1:27); may dangal, mabuti at maganda sa kanyang paningin (Gen. 1:31). Lubos ang kanyang tiwala sa atin kaya ipinamahala niya sa atin ang lahat ng kanyang nilikha (Gen. 1:28-30). Hindi niya ipinagkait ang biyaya ng kalikasan, bagkus ibinahagi niya ito upang tayo ay mabuhay nang sagana, maayos, masaya at malayo sa kamatayan (Gen. 2:15-17).

Ang mga bagay na nilikha ng Diyos ay palatandaan ng kanyang kagandahang-loob. Sa kanila masasalamin ang gandang kailanman ay di maikukubli. Taglay ng mga ito ang ganda ng Diyos na lumikha (Awit 19:1). Sa kanila matatagpuan ang likas na kagandahang kaaya-aya at walang kapantay. Ang mga kagandahang angkin nila ay mula sa Diyos na lumikha. Kaya nga ba't nakakatuwa at nakakahalinang pagmasdan ang ating kapaligiran lalo na ang kalikasan. Umaapaw ito sa yaman at gandang nagbibigay buhay sa lahat.

Gayundin naman sa panahon ng ating pangagailangan, batid natin na di tayo nag-iisa. Kasama natin ang Diyos at kailanman ay hindi niya tayo malilimutan (Isa. 49:15-16). Karamay natin ang Diyos sa ating pagsisikap tungo sa kaganapan ng magandang buhay. Kung tayo ay sadlak sa hirap, tumutugon siya upang maipadama ang kanyang kagandahang-loob. Tulad ng mga Israelita na tinulungan

27. Miranda, Dionisio. *Buting Pinoy.* (Manila: Logos Publications, 1992), 118.

niyang makawala sa pagka-alipin sa Egipto (Exo. 2:23-25), hindi tatalikod ang Diyos sa atin. Ang ganda ng kanyang kalooban ay patuloy na iiral. Pagagandahin niya ang pangit na nararanasan ng mga taong minamahal (Pah. 21:4).

Sapagkat ang ating kaginhawahan ang tangi niyang minimithi (Jer. 31:24-26), kahit na talikuran natin siya, mananatili siyang tapat sa atin. Batid natin na hindi madali ang magkaroon ng magandang buhay. Biyaya itong kailangang pagsikapang maabot. Kapag ang ating pagsisikap ay namumunga ng maganda, natutuwa tayo dahil hindi nauuwi sa wala ang ating pinaghirapan. Kahit hindi lubos ang gandang nasumpungan ay biyaya na itong maituturing.

### *4. Pagkahumaling sa Madayang Ganda*

Ngunit sa paglipas ng panahon, hindi natin pinangalagaan ang gandang kaloob ng Diyos. Tumatalikod tayo sa iniaalok niyang buhay. Sarili lamang ang siyang iniisip at binabalewala ang mga pangaral ng Diyos tungo sa maayos na pamumuhay (Gen. 3:1-19). Patuloy ang pagpapabaya natin sa ating mga responsibilidad. Nagiging makasarili tayo at nawawalan ng malasakit sa kapwa. Tulad ng kwento ng dalawang magkapatid na si Cain at Abel (Gen. 4: 1-16), ito ay naglalarawan kung paanong ang inggit at galit sa puso ng tao ang nagtutulak sa kanya upang balewalain ang ugnayan at sirain ang buhay ng kanyang kapwa.

Dahil matigas ang ulo ng tao, madalas ay napapahamak ito. Sa halip na maging maganda ang buhay, pumapangit ang kalagayan at napapalayo sa pagpapala ng Diyos (1Sam. 15: 20-26). Ang dating maayos at tahimik na pamumuhay ay nagiging magulo. Gayundin naman ang nangyayari kapag hindi nagpapakatotoo sa sarili at kapwa dahil nagdudulot ito ng pangit na samahan. Katulad ng tiwalang ipinagkaloob ng mga unang kinatawan kay Ananias at Safira na nasira dahil sa pandaraya (Gawa 5:1-12). Dito mababatid na ang hindi bukal sa loob na paglilingkod ay magbubunga ng pangit na ugnayan sa mga tao.

Kung ang pinaiiral ay ang kagandahang-loob ng Diyos, ang inaasam na magandang buhay ay magkakaroon ng katuparan. Ngunit dahil sa pangit na ugali, pakikitungo, at pamumuhay nagiging mailap ang hinahangad. Lumalabo ang pag-asa tungo sa buhay na maganda. Ang ating pagkahumaling sa gandang may daya ang isang pangunahing

dahilan ng ating mga suliranin na nagpapabigat sa ating buhay bilang isang sambayanan.

Subalit sa gitna ng mga pangit na nangyayari sa ating buhay, naniniwala tayo na hindi tayo pababayaan ng Diyos. Alam natin na napakaganda ng kanyang kalooban at hindi niya matitiis ang sino man na humiling sa kanya at maghangad ng mabuting buhay.

### *5. Nangingibabaw na Ganda*

Tunay ngang maganda ang pakikitungo ng Diyos sa atin kahit na tayo ay tumatalikod sa kanya. Walang bahid ng pagkukunwari ang kanyang kagandahang-loob dahil ito ay bukal sa kanyang loob. Para sa atin, hindi maganda ang isang bagay kung ito ay "palabas" o pakitang tao lamang. Ibig sabihin, kapag hindi tunay, hindi maganda. Ang Diyos ay laging tapat at totoo sa atin (Awit 18:25). Walang pagkukunwari ang kanyang pagmamalasakit. Madali siyang lapitan at pagkatiwalaan. Kaya nga ba't kahit matanda na si Abraham ay tumugon siya sa panawagan ng Diyos (Gen. 12:1-9). Hindi siya nagdalawang isip dahil buo ang tiwala niya sa Diyos.

Ang tunay na ganda ng kalooban ay mag-iiwan ng positibong bakas sa buhay ng mga taong nakasaksi. Hindi ito malilimutan at lagi itong magbibigay ng sigla at saya. Ang ilan pa nga ay nakakalikha ng mga awitin o tula na nagpapahayag kung gaano kadalisay ang kagandahang naranasan. Katulad ng awit ng mga Israelita nang sila ay makalaya sa Egipto (Exo. 15) o kaya naman ay ang awit ni Maria na mas kilala natin sa tawag na "magnificat" (Lu. 1:46-55). Makakaligtaan ba natin ang maraming awit na nilikha ni David upang papurihan si Yahweh sa kanyang kagandahang-loob?

Sa kabila ng madalas na pagtalikod ng mga Israelita kay Yahweh (Isa. 43:22, Jer. 2:11, Hos. 5:4) patuloy ito sa kanyang pangako ng magandang buhay (Isa. 61:1-4) para sa kanila. Ito ang magandang balita ng kanyang pagpapaginhawa sa kanyang mga nilalang sapagkat hindi siya makakapayag na manatili tayong naghihirap.

Upang lubos niyang maipadama ang kanyang pagnanais na magkaroon tayo ng magandang buhay, ipinamalas niya ito sa pamamagitan ni Hesus. Sa kanya masisilayan ang tunay na ganda ng buhay. Sa kanya naging litaw na litaw ang ganda ng kalooban ng Diyos para sa atin.

## Hesus, Ang Taong Lubos Ang Kagandahang-Loob

Si Hesus ang taong lubos ang kagandahang-loob. Sa kanyang pagkatao, buhay at pakikipamuhay sa atin, nasilayan ang ganda ng kalooban ni Bathala. Lumitaw sa kanyang pagkatao, pananalita at gawain ang katunayan ng malasakit ng Diyos sa tao. Sa pamamagitan ni Hesus, ang ganda ng buhay na pinapangarap ng Diyos para sa tao ay natupad. Ang mga pangit sa paligid ay pinalitan niya ng maganda. Pinagaling niya ang mga may sakit (Mt. 8:14-17; Mc. 1:29-34; Lu. 4:34-41). Tinanggap niya ang mga tinakwil ng lipunan (Mt. 8:1-3; Mc. 7:31-37; Lu. 4:38-41). Pinatawad niya ang mga makasalanan at binigyan ng pagkakataon na baguhin ang pangit na takbo ng kanilang buhay (Mt. 9:1-8; Lu. 7:36-50). Pinakain niya ang mga nagugutom (Mc. 8:1-10) at binigyan ng ganang mabuhay ang mga taong nawalan ng pag-asa na gaganda pa ang kalagayan sa buhay. Pinawi din niya ang pangamba sa puso ng mga tao at ipinangako niya na may magandang bukas na naghihintay para sa lahat (Lu. 6:20-23; Mc. 5:21-43). Sabi nga ni San Agustin:

> *Lubhang naantala ang pagkahulog ng loob ko sa iyo,*
> *O ka***ganda***hang sinauna't napapanahon,*
> *Lubhang naantala ang pagmahal ko sa iyo.*
> *Ika'y nasa loob ko na samantalang*
> *ako nama'y lumabas pa upang hanapin ka.*
> *Dahil ang sarili'y pinagkaitan ng ganda,*
> *nagkandarapa akong tumungo sa mga maga***ganda***ng nilikha mo.*
> *Lagi mo akong kinapiling, ako nama'y nagpakalayo sa iyo.*
> *Hinadlangan akong lumapit sa iyo*
> *ng lahat ng mga nagga***ganda***hang bagay*
> *ganoong di naman sila iiral liban sa pag-iral nila sa iyo.*
> *Tumawag ka, humiyaw ka, binasag mo ang aking pagka-bingi.*
> *Nagningning ka, nagningas ka, tinaboy mo ang aking pagkabulag.*
> *Isat ngayo'y hinahanap-hanap na kita.*
> *Nakatikim ako at ngayon ako'y nagugutom at nauuhaw.*
> *Nadama ko ang haplos mo at ngayo'y nagbabaga ako sa pagnanais na makamit ang kapayapaan mo.*[28]

Maliwanag na ang tunay na kagandahan ay nagpapaganda din ng iba. Nakakahawa ito at naghahatid ng talab sa buhay ng mga

28. Ang salin ng panalangin ni San Agustin ay nilikha ni Jose de Mesa, December, 2010.

nakakasumpong nito. Kay Hesus makikita natin ang pagkilos ng Diyos na pagandahin ang kalagayan ng mga tinataboy ng lipunan. Binigyan sila ng pagkakataong malasap ang ganda ng buhay na kaloob ng Diyos. Ibinalik niya ang dangal na winasak ng pangit na sitwasyon na kinaharap nila (Mt. 13: 53-58; Mc. 6:1-6; Lu. 4:16-30). Pinangatawanan niya ang magandang balita na iiral ang kaandahang-loob ng Diyos kung magbabalik-loob ang bawat isa. Binigyang buhay niya ang pangarap na magandang buhay ng mga tao. Sa kanya nila nasumpungan ang tunay na ganda ng kalooban ng Diyos. Hindi nga ba't tinuring siyang pastol na may magandang kalooban (Jn. 10:11) at lahat ng kanyang ginawa ay magaganda (Mc. 7:37)? Kung gayun, ang kagandahang-loob ng Diyos ay napatunayan sa katauhan ni Hesus.

### *Magandang karanasan*

Mahalaga ang karanasan para sa Pinoy. Dito nakakapulot ng mga aral na siyang madalas na nagiging batayan ng mga desisyon sa buhay. Mas pinagkakatiwalaan ang isang taong nanga-ngaral hango sa kanyang mga pinagdaanan sa buhay. Ito ang dahilan kung bakit naging makato-tohanan ang pangangaral ni Hesus. Sa buhay at pakikipamuhay niya, nasilayan ng mga tao ang patotoo sa mga salitang ipinapangaral niya at sila ay namangha sa kanyang galing (Lu. 4:31-32).

Malaki ang kaugnayan ng mga karanasan sa ating pagkatao at pakikipag-kapwa. Pangit man o maganda ang ala-alang iniwan, lagi namang may aral na hatid o iniiwan sa atin. Kaya nga ba't sa pangangaral ni Hesus, madalas niyang gamitin ang mga karanasan ng mga tagapakinig. Ang kanyang mga kwento ay laging batay sa pangkaraniwang karanasan ng mga tao.[29] Ito rin marahil ang dahilan kung bakit napakaraming kwento na pwedeng kapulutan ng aral ang naalala at isinulat ng mga unang kinatawan at ngayon ay mababasa natin sa mga ebanghelyo.

Minsan ay lumapit ang isang mayaman kay Hesus at tinanong kung paano niya mararanasan ang tunay na ganda ng buhay. Ipinahayag ni Hesus ang mga paraan tungo sa magandang buhay. Ngunit umuwing malungkot ang lalaki sapagkat batid niya na

29. Schillebeeckx, Edward. *Jesus, an Experiment in Christology*. (New York: Seabury Press, 1979).

mahihirapan siyang tumugon sa hamon ni Hesus na talikuran ang kayamanan at pairalin ang kagandahang-loob ng Diyos sa kanyang buhay sa pamamagitan ng pamamahagi ng kanyang kayamanan sa mahihirap at pamumuhay ng payak katulad ni Hesus (Mc. 10:17-22).

Gayundin ang nangyari sa kwento ng alibughang anak. Ang akala niya ay gaganda na ang buhay kung lalayo siya sa piling ng kanyang pamilya at pagbibigyan ang luho na inaasam. Ngunit nang malugmok sa hirap at iwanan ng mga inaakala niyang mga kaibigan ay naalala ang ganda ng buhay na dati ay tinatamasa niya sa piling ng kanyang Ama. Nagbalik-loob siya at namuhay muling kasama ang pamilya. Sa kanyang karanasan, natutunan niya ang magandang aral na siyang nagpanumbalik sa kanya ng mas magandang kalagayan sa buhay (Lu. 15:11-32).

Minsan ang ginagawang batayan ng ganda ng buhay ay kayamanan at pagsunod sa luho sa buhay. Hindi sang-ayon si Hesus sa ganitong saloobin. Paalala ni Hesus "Mag-ingat kayo sa lahat ng uri ng kasakiman, sapagkat ang buhay ng tao ay wala sa dami ng kanyang kayamanan" (Lu. 12: 15). Sa kanyang pangangaral at pagsasabuhay ng kanyang ipinahayag, mababatid natin na hindi kailangan ang sobrang kayamanan upang gumanda ang buhay. Bagkus ang simpleng pamumuhay, mabuting pakikipag-ugnayan at pagmamalasakit sa kapwa ay mas matimbang pa sa kayamanan (Mt. 6:19-21).

Sa buong buhay ni Hesus pinatunayan niya na ang kagandahan ng buhay ay nakasalalay sa pagsunod sa kalooban ng Diyos. Kapag ito ang ating isinakatuparan, ang ganap na ganda ng buhay ay ipagkakaloob sa atin (Mt. 6:33).

### *2. Magandang "Dating"*

Ang ganda ng kalooban ng Diyos ay nag-iiwan ng pag-asa at bumubuhay sa mga pangarap ng tao. Malakas ang "datíng" ng gandang tunay. Kahit ito ay pilit na ikubli, lilitaw pa rin kung tunay na maganda. Naging malakas ang "datíng" ni Hesus saan man siya pumunta.

Dinumog siya ng mga tao at umasa sila ng magandang kalagayang galing sa Diyos (Mc. 2:1-12).

Dahil sa ganda ng kalooban ng Diyos na binigyang buhay ni Hesus, si Zaqueo na itinuring na makasalanan at walang tunay na

kaibigan ay nagbago at naging mabuting tao (Lu. 19: 1-10). Sa pagtanggap sa kanya ni Hesus bilang isang kaibigan sa kabila ng mga pangit na ginawa niya sa kanyang kapwa, ang dating pangit niyang ugali ay naging maganda. Kung dati ay wala na siyang inisip kundi ang sariling kapakanan, nabatid niya sa pakikipag-ugnayan kay Hesus na ang tunay na ganda ng kalooban ang magpapaganda sa buhay ng tao.

Kung gayon, ang tunay na ganda ng kalooban ni Hesus ay nakakahawa. Nanghihikayat ito sa mga taong nakakakita. Pinamamarisan at ginagawang inspirasyon ang kanyang mga halimbawa dahil nakikita nila na ito ay may katuturan (Jn. 4:39-42).

Nabigyan ng pagkakataon ang mga tao upang madama ang pagpapala ng Diyos dahil sa pagmamalasakit ni Hesus sa kanilang kapakanan. Kahit na ang mga taong galing sa malayong lugar ay naglalakbay upang masilayan ang kagandahang-loob ni Hesus. Tulad ng isang inang taga Sirofenicia na nakiusap kay Hesus na pagalingin ang anak na may sakit (Mc. 7: 24-30). Naniwala ang babae na hindi makakatiis si Hesus na malamang may naghihirap kahit na hindi ito sakop ng kanyang pinagsisilbihan.

Napagtibay ng babae sa paglapit kay Hesus ang ganda ng kanyang kalooban. Tama ang kanyang mga nabalitaan na maganda ang kalooban si Hesus. Hindi siya nabigo sa kanyang paglapit. Lalo palang maganda ang kalooban ni Hesus sa malapitan. Kaya nga ba't ang tunay na ganda ay nananatili malayo man o malapitan. Sa kwento maliwanag na ang ganda ng loob ni Hesus, malayo man sa kinaroroonan ng may sakit, ay may talab pa rin dahil malakas ang datíng. Kung gayon, ang tunay na gandang may datíng ay makakahikayat ng kahit sino, malayo man o malapit.

Ang ganda ni Hesus ay tunay na umakit sa mga nakakilala sa kanya upang pagandahin din ang kanilang mga kalooban. Dahil sa napakalakas ng "datíng" ni Hesus, hindi siya malilimutan kailanman. Para itong apoy na di maapola hangga't hindi ibinabahagi o tinutugunan (Lu. 24: 32-35).

### *3. Gandang Pinapangarap*

Tunay na maganda ang buhay kung ito'y sagana, masaya, maayos

at puno ng pag-asa. Para kay Hesus, magiging maganda ang buhay kung magkakaroon ng katuparan ang pagtugon sa kalooban ng Diyos; kung paiiralin ang kalooban ng Diyos tungo sa magandang buhay (Lu.12: 31).

Paalala ni Hesus: "Humingi kayo at kayo'y bibigyan; humanap kayo at kayo'y makakatagpo; kumatok kayo at kayo'y pagbubuksan… kung kayong masasama ay marunong magbigay ng mabubuting bagay sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama na nasa langit?" (Mt. 7: 7, 11). Tiwala sa kagandahang-loob ng Diyos ang nagbigay tatag at pag-asa kay Hesus tungo sa magandang bukas. Para sa kanya, maaasahan ang Diyos sa kanyang mga pangako. Hindi Siya nambibitin at patuloy na nagmamalasakit sa kanyang mga nilalang (Lu. 12: 22-30).

Kahit maganda na ang buhay ng isang Pinoy, ito ay hindi magiging lubos kung ang kapwa ay mananatili sa pangit na kalagayan. Hindi nga ba't napakaraming mga NGO's ang nagsusulputan upang matugunan ang pangangailangan ng mga mahihirap na kababayan. Marami ang nagsusumikap na maiahon ang kapwa sa hirap ng buhay. Ang kanilang inaasam at pinagsisikapang maabot ay hindi lang pansariling kapakanan. Ito ang binigyang diin ni Hesus sa kanyang pakikipag-ugnayan. Para sa kanya, magiging tunay na kinatawan niya ang mga taong may pagmamalasakit at pagmamahal sa kapwa tulad ng kanyang ipinamalas (Jn. 15:12-13).

Ibinigay niya ang isang halimbawa ng mabuting pakikipag-kapwa sa pamamagitan ng kwento ng mabuting Samaritano na tumulong sa sugatang kaaway na Judio. Siya ang ehemplo ng isang taong may magandang kalooban dahil nagmalasakit siya kahit na sa isang kaaway. Sa gitna ng pangangailangan ng kapwa, isinantabi niya ang away ng kanilang lahi. Mas naging matimbang sa kanya ang kapakanan ng kapwang nahihirapan. Hindi niya alintana ang abala na idinulot nito bagkus ay ipinagkaloob niya ang lahat ng tulong na kaya niyang ibigay sa taong nangangailangan (Lu. 10: 25-37).

Di lingid kay Hesus ang nakalulunos na kalagayan ng mga tao (Mt. 23:37-39). Kaya sa abot ng makakaya ay ginawa niya ang lahat upang mapagaan ang mabigat na dalahin ng marami sa kanyang mga kababayan. Laging bukas ang kanyang palad para sa nangangailangan. Sa kanya nila natagpuan ang taong may magandang kalooban. Sa pamamagitan niya, nabatid na may maasahan silang

magandang bukas. Inanyayahan niya ang lahat ng napapagod at nais nang bumigay sa mga hirap na dinadala upang makapagpahinga sa pagal na kanilang pinagdaraanan (Mt. 11:28-30). Napakagandang balita nito para sa lahat ng mga taong nawawalan na ng pag-asa tungo sa pangarap na magandang buhay.

Sa gitna ng mga hirap na kinaharap ni Hesus, ipinakita niya na hindi siya duwag. Naging buo ang loob niya sa gitna ng mga paninira at pangungutya ng mga kinauukulan (Mc. 3: 1-6, Mt. 12:9-14, Lu. 6:6-11). Kahit na umabot pa ito sa kamatayan sa krus, hindi niya tinalikuran ang kanyang ipinahayag na pagmamalasakit ng Diyos (Mt. 27:32-44, Mc. 15:21-32, Lu. 23:26-43, Jn. 19: 17-27). Dahil dito, lubos na nabatid ng mga tao na tunay ang kagandahan ng kanyang kalooban bilang anak ng Diyos (Mt. 27: 54). Sa kanya naging ganap ang kagandahang-loob ng Diyos at itinangi siya bilang kalugod-lugod na lingkod ng Diyos (Mt. 3:17).

### *4. Gandang Walang Kupas*

Para sa mga Pinoy kagandahang loob na walang daya ang isang mahalagang sangkap ng magandang buhay. Kung wala ito, hindi magiging masaya at kaaya-aya ang buhay. Nagbibigay ito ng kulay at kahulugan, ligaya at saya, inspirasyon at pag-asa. Ito ang nagbibigay lakas sa tao upang magpunyagi. Nagkakaroon ng katuturan ang lahat ng pagsisikap at nakakayang harapin ang mga pagsubok sa buhay kung pag-ibig ang dahilan.

Walang kupas ang pagmamagandang-loob ng Diyos sa tao na pinamalas niya sa pamamagitan ni Hesus. Lumipas at magbago man ang lahat, ang kagandahang loob ng Diyos ay patuloy na dadaloy. Sabi nga ni San Pablo, ang kagandahang-loob ng Diyos ay mananatili kailanman sapagkat ito ay hindi kukupas (1 Cor. 13: 13).

Katulad ng pagmamagandang-loob ng Diyos na pinatunayan niya kay Hesus (Jn. 3:16), lahat ay inaanyayahan na maging bahagi ng kagandahang-loob ng Diyos upang madama ang lubos na ganda ng buhay. Ngunit ang nadamang kagandahang-loob ng Diyos ay isang panawagan din para maglingkod sa kapwa at ipahayag ang magandang balita na ipinahayag at binigyang buhay ni Hesus (Lu. 4: 18-22). Ang buhay na walang puwang para sa paglilingkod sa kapwa ay hindi maganda. Kukupas ito at hindi mag-iiwan ng magandang bakas sa mundo. Walang saysay ang pagsisikap kung pansariling kapakanan

lamang ang binibigyang pansin.

Isa sa mga magagandang bagay na pinagtuunan ni Hesus ng pansin ay ang pagmamagandang-loob sa mga tao. Para sa kanya, ito ay mahalaga higit pa sa mga bagay na madalas pahalagahan ng tao (Lu. 12: 32-34). Walang katulad ang kaligayahang nadarama ng isang taong nagmamamagandang loob sa kapwa. Dahil dito siya ay mamahalin at hindi makakalimutan (Sir. 7:32-35).

Kung gayon, ang sino man na naghahangad ng ganda ng buhay na inaalok ng Diyos sa tao[30] ay may maaasahan dahil ang kagandahang-loob ng Diyos ay libre. Kusang-loob itong ipinagkakaloob ng Diyos sa pamamagitan ng Diwa ni Hesus na nagdudulot ng pag-asa sa lahat ng may pananampalataya (Rom. 5: 5). Ito ay hindi kukupas at patuloy na iiral sa pagbibigay buhay at liwanag sa mga tao (Jn. 1:4-5). Magbago man ang pakikitungo ng tao sa Diyos, ang Diyos ay hindi magbabago sa kanyang hangaring magkaroon tayo ng magandang kinabukasan.

***Rebecca G. Cacho***
***St. Scholastica's College***
***Manila, Philippines***
***Email address: reb1968@gmail.com***

***Estela Pulangco Padilla***
***Bukal ng Tipan-C.I.C.M.***
***Taytay, Rizal, Philippines***
***Email address: padillaestela@gmail.com***

30. Jose de Mesa, *Mga Aral sa Daan* (Manila: DLSU Press, 2004), 117.